Ang Victim's Assistance and Survivor Protection Act

Pinapalawig ng **Victim's Assistance and Survivor Protection Act (VASPA)** ang pagkakataon para sa mga nakaligtas (survivor) mula sa sekswal na pananakit at biktima ng stalking at cyber harassment na mag-aplay para sa isang protective order laban sa taong nagdulot sa kanila ng pinsala nang hindi nirereport sa tagapagpatupad ng batas o maghain ng mga kasong kriminal

ANO ANG PROTECTIVE ORDER SA ILALIM NG VASPA AT ANO ANG NAGAGAWA NITO?

Ang **civil protective order** na inisyu sa ilalim ng VASPA ay isang utos ng hukuman na naglalayong protektahan ang isang nakaligtas sa sekswal na karahasan mula sa taong nagdulot sa kanila ng pinsala. Pinagbabawalan ng isang protective order ang taong nagdulot ng pinsala na magkaroon ng anumang karagdagang pakikipag-ugnayan sa nakaligtas.

Ang protective order ay maaaring maging isang paraan upang maprotektahan ang mga nakaligtas mula sa:

- Higit pang sekswal na karahasan.
- Pagkakita sa taong nagdulot ng pinsala (hal., mapipigilan ang tao na pumasok sa mga partikular na lugar na regular na pinupuntahan ng nakaligtas o mga miyembro ng kanilang sambahayan, tulad ng lugar ng trabaho, tahanan, o paaralan).
- Pakikipag-ugnayan sa hinaharap sa taong nagdulot ng pinsala (pasalita man, nakasulat, o elektronikong komunikasyon, direkta mula sa nagkasala o mula sa nagkasala sa pamamagitan ng isang third party).
- Mga stalking na pag-uugali (kabilang ang mga pattern ng paulit-ulit at hindi gustong pagbibigay ng atensyon, pangha-harass, o pakikipag-ugnayan).
- Harassment, kabilang ang online na harassment sa nakaligtas. (Kung hihilingin, maaari nitong isama ang mga miyembro ng pamilya, kaibigan, at kanilang employer o empleyado ng nakaligtas bilang mga protektadong partido sa ilalim ng protective order.)
- Anumang iba pang alalahanin na sa palagay ng hukuman ay angkop.

Ang pagkuha ng order para sa proteksyon ay isang dalawang hakbang na proseso:

- Dapat munang mag-aplay ang nakaligtas ng Temporary Protective Order (TPO) sa hukumang pampamilya. Ang TPO ay ang inisyal na utos na nagpoprotekta sa nakaligtas mula sa taong nagdulot sa kanila ng pinsala at nananatili hanggang sa ikalawang hakbang ng proseso.
- Nangangailangan ang ikalawang hakbang ng pagdinig upang matukoy kung maaaring permanenteng ibigay ang isang **Final Protective Order (FPO)**. Ang isang FPO ay hindi kailanman mag-e-expire at may bisa kahit saang estado ka pumunta.

SINO ANG MAAARING MAG-APPLY PARA SA PROTECTIVE ORDER SA ILALIM NG VASPA?

Sa pangkalahatan, ang mga nakaligtas sa sekswal na karahasan na sumasailalim sa patuloy na pangha-harass na pag-uugali mula sa nang-aabuso sa kanila at hindi kwalipikado para sa isang restraining order sa karahasan sa tahanan ay maaaring mag-aplay para sa isang protective order. Maaari ring mag-aplay ang mga biktima ng stalking at cyber harassment para sa isang protective order sa ilalim ng VASPA.

Maaaring mag-aplay ang magulang o tagapag-alaga ng nakaligtas sa ngalan ng nakaligtas kung wala pang 18 taong gulang o may debelopmental na kapansanan ang nakaligtas. Maaari lamang maibigay ang isang protective order laban sa taong nagdulot ng pinsala kung ang taong iyon ay may edad na hindi bababa sa 18 taong gulang (o isang pinalayang menor de edad).

Maaari kang mag-aplay para sa isang protective order kahit na iniulat mo man ang (mga) insidente sa tagapagpatupad ng batas.

BAKIT MAAARING PILIIN NG ISANG NAKALIGTAS NA KUMUHA NG ISANG PROTECTIVE ORDER?

Ang bawat nakaligtas ay iba at gusto ng ibang resulta pagkatapos ng isang pagkilos o paulit-ulit na pagkilos nang may karahasan. Para sa ilang nakaligtas, maaari silang maprotektahan ng isang protective order sa pamamagitan ng pagbabawal ng pakikipag-ugnayan sa taong nagdulot sa kanila ng pinsala nang hindi na kinakailangang ireport ang pagkakasala sa tagapagpatupad ng batas. Maaaring naisin ng ibang nakaligtas na mag-aplay para sa isang protective order at ituloy ang mga kasong kriminal laban sa taong nagdulot sa kanila ng pinsala. Natatangi ang sitwasyon ng bawat isa, at ang paghiling ng protective order ay isang desisyon na ang nakaligtas lamang ang makakagawa.

PAANO NAG-AAPLAY ANG MGA NAKALIGTAS PARA SA ISANG PROTECTIVE ORDER?

Ang nakaligtas o magulang/tagapag-alaga ng nakaligtas na humuhiling ng protective order sa ilalim ng VASPA ay maaaring maghain sa hukumang pampamilya, Lunes hanggang Biyernes, mula 8:30 ng umaga hanggang 3:30 ng hapon.

Maaaring piliin ng mga nakaligtas na maghain ng protective order sa county kung saan sila nakatira, sa county kung saan nangyari ang sekswal na pagkakasala o sa county kung saan nakatira ang taong nagdulot ng pinsala. Maa-access din ng mga nakaligtas ang isang aplikasyon online.

Alamin Pa:

www.njcasa.org/find-help/vaspa

Maaaring mag-alok ang mga sinanay na tagapagtaguyod sa mga lokal na programa ng sekswal na karahasan ng New Jersey ng komprehensibong pagpaplano sa kaligtasan, legal na karapatan at opsyon, opsyon sa tirahan, mapagkukunan, pagpapayo, pagsama sa hukuman, at emosyonal na suporta. Tawagan ang 24-oras na Statewide Hotline sa 1-800-601-7200 o pumunta sa njcasa.org/find-help para sa impormasyon tungkol sa iyong lokal na programa sa sekswal na karahasan at mga available na mapagkukunan.

njcoalition
against sexual assault

© New Jersey Coalition Against Sexual Assault 2024. Ang New Jersey Coalition Against Sexual Assault (NJCASA) ay ang adbokasiya ng buong estado at capacity building na organisasyon na kumakatawan sa 21 sentro para sa krisis ng panghahalay na nakabatay sa county, ang Rutgers University - New Brunswick Office for Violence Prevention and Victim Assistance, at isang pangkat ng mga organisasyong partikular sa kultura.